


Ano ang Sakit sa Paggamit ng Gamot?

- **Ang Sakit sa Paggamit ng Gamot (Substance use disorder, SUD)**, na tinatawag ding pagkakilalang sa gamot, ay isang sakit na nakakaapekto sa utak at pag-uugali ng tao at humahantong sa kawalan ng kakayahang kontrolin ang paggamit ng gamot o medikasyon.
- Naaapektuhan ng mga SUD mga tao **mula sa lahat ng pinanggalingan at lahat ng edad**.
- Ang SUD ay isang **pangmatagalang medikal na kondisyon** na tulad ng sakit sa puso o diabetes.
- **Available ang paggamot at posibleng gumaling mula rito.**



Makipagtulungan sa isang provider o doktor para magamot ang anumang sakit sa paggamit ng gamot. Available ang mabisa at batay sa katibayang paggamot para pamahalaan ang mga sintomas sa pag-withdraw mula sa gamot at gamutin ang mga SUD. Kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para talakayin ang mga available na opsyon sa paggamot o **tawagan ang linya para sa Access a Krisis sa (888) 724-7240.**

Mahalaga ang Mga Salita

Puwede mong **mabawasan ang stigma**, at puwede kang makatulong na **makaligtas ng mga buhay**, sa pamamagitan lang ng **pagbabago ng iyong wika**. Sa pamamagitan ng paggamit ng tinatawag na **wikang nakasentro sa tao**, hindi mo tinutukoy ang isang tao batay sa anumang medikal na sakit na maaaring mayroon siya. Ito ay **hindi humuhusga, neutral, at ganap na klinikal ang diyagnosis**.



IWASAN ANG MGA SALITANG ITO

GAMITIN ANG MGA SALITANG ITO

- | | | |
|---------------------------------|---|--|
| Adik | → | Taong may sakit sa paggamit ng gamot |
| Problema sa Droga/Gawi sa Droga | → | Sakit sa paggamit ng gamot |
| Pag-abuso sa Droga | → | Maling paggamit sa gamot, nakakapinsalang paggamit |
| Malinis | → | Umiiwas, hindi kasalukuyang gumagamit |
| Madumi | → | Aktibong gumagamit |
| Dating adik | → | Gumagaling na tao |